



**Alameda Alliance for Health**

13951 Washington Ave.

San Leandro, CA 94578

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro  
ng Alliance

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at  
pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**

**MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA BAGONG PROGRAMANG CALAIM,  
PROGRAMANG WHOLE PERSON CARE, AT IYONG MGA SERBISYO SA MEDI-CAL**

[Date]

Minamahal na [Member Name]:

Salamat sa pagpili sa Alameda Alliance for Health (Alliance) para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kami ang kaagapay mo sa kalusugan.

Simula sa Sabado, Enero 1, 2022, maglulunsad ang Medi-Cal ng bagong programa na tinatawag na California Advancing and Innovating Medi-Cal, o CalAIM, na may layuning gawing available sa buong estado, para sa lahat ng kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal, ang uri ng pamamahala ng kaso at mga serbisyong ibinibigay sa Programang Whole Person Care sa kasalukuyan.

Para magawa ang pag-transition na ito, matatapos ang kasalukuyang Programang Whole Person Care sa Biyernes, Disyembre 31, 2021, at magsisimula ang bagong programang CalAIM. Sa pamamagitan na ng CalAIM ng Alliance ibibigay sa iyo ang ilan sa mga serbisyong natatanggap mo.

Simula sa Sabado, Enero 1, 2022:

1. [As applicable – Enhanced Care Management] Matatanggap mo ang mga serbisyo sa koordinasyon ng pangangalaga sa pamamagitan ng Alliance. Ito ay magiging isang bagong benepisyo na tinatawag na Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga.
2. [As applicable – Community Supports] Patuloy mong matatanggap ang [service] at Alliance ang magsasaayos sa serbisyo.

**Hindi babaguhin ng mga pagbabagong ito ang pagiging kwalipikado mo sa Medi-Cal at walang magbabago sa iyong planong pangkalusugan sa Medi-Cal.**

**Ang magbabago sa Enero 1, 2022:**

**1. Ang Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay ibibigay ng Pinahusay na Pamamahala ng Kaso [Keep or delete as applicable]**

Dahil nakatanggap ka ng mga serbisyo sa koordinasyon ng pangangalaga sa pamamagitan ng Programang Whole Person Care, patuloy kang makakakuha ng mga serbisyo sa Alliance na tulad sa bagong pambuong-estado na benepisyong tinatawag na Pinahusay na Pamamahala ng Kaso.

Sa pagkuha ng mga serbisyo sa Pinahusay na Pamamahala ng Kaso, hindi magbabago ang mga benepisyo mo sa Medi-Cal sa ngayon.

Sa Pinahusay na Pamamahala ng Kaso, magkakaroon ka pa rin ng coordinator ng pangangalaga na makikipag-usap sa iyo at sa iyong mga doktor, provider ng kalusugan ng pag-iisip, espesyalista, pharmacist, tagapamahala ng kaso, provider ng mga serbisyong panlipunan, at iba para matiyak na nagtutulungan ang lahat para maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo.

Matutulungan ka rin ng iyong coordinator ng pangangalaga na:

- Makahanap ng mga doktor at makakuha ng appointment;
- Mas maunawaan ang iyong mga gamot;
- Makakuha ng masasakyan papunta sa iyong mga pagpapatingin sa doktor;
- Makahanap ng at mag-apply para sa iba pang serbisyo sa komunidad batay sa iyong mga pangangailangan, gaya ng mga suporta sa pabahay o medikal na masustansyang pagkain; at
- Makatanggap ng follow-up na pangangalaga pagkalabas mo ng ospital.

Simula sa Sabado, Enero 1, 2022, ang iyong magiging Provider ng Pinahusay na Pamamahala ng Kaso ay ang [insert provider information]. May makikipag-ugnayan sa iyo para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa koordinasyon ng pangangalaga. Wala kang kailangang gawin sa ngayon. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung sino ang itinalaga para isaayos ang iyong pangangalaga, makipag-ugnayan sa Alliance gamit ang mga detalye sa ibaba.

## 2. Mga Suporta sa Komunidad [Keep or delete as applicable]

Puwede mong patuloy na matanggap ang [insert service here], pero Alliance na ang magsasaayos nito. Ang iyong magiging provider ng [insert service] ay ang [insert details of Community Supports Provider]. Wala kang kailangang gawin sa ngayon. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyong ito o kung paano patuloy na matatanggap ang mga ito, makipag-ugnayan sa Alliance gamit ang mga detalye sa ibaba.

### **May mga tanong?** [Tailor as appropriate]

Para sa mga tanong tungkol sa impormasyon sa liham na ito, mag-opt out sa mga serbisyo, o baguhin ang iyong coordinator ng pangangalaga, tumawag sa Alliance. Sabihin sa kanilang mayroon kang tanong tungkol sa mga pagbabago sa mga serbisyo sa Whole Person Care.

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa [insert services that may be remaining with the county outside of ECM and Community Supports], tumawag sa **510-346-1096**.

Salamat,  
[LE Name and Plan Name]

**Nakalakip:**

- Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika
- Paunawa Laban sa Diskriminasyon
- Ang Iyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Pinapamahalaang Pangangalaga